

BAHAGI NG PROYEKTO MULA SAN FRANCISCO HANGGANG SAN JOSE

BINAGO/KARAGDAGANG BALANGKAS NG ULAT NG PAGSUSURING PANGKALIKASAN/ PAHAYAG SA EPEKTO SA KAPALIGIRAN

Ang Autoridad ng California para sa Mabilis na Tren (Autoridad) ay naglalabas ng Binago/Karagdagang Balangkas ng Ulat ng Pagsusuring Pangkapaligiran/Pahayag sa Epekto sa Kapaligiran ("pinakalat na dokumento"). Section.

Ang pinakalat na dokumento ay inilabas noong Julyo 23, 2021, at ang publiko ay maaring magpadala ng puna mula Julyo 23 hanggang Setyembre 8, 2021. Ang panuntunan sa padpapadala ng puna ay makikita sa katapusan ng dokumentong ito.

Karagdadang impormasyon ay nasa

[MeetHSRNorCal.org](https://www.meethsrnorcal.org)

Para makipag-ugnayan sa Autoridad kung may tanong, magpadala ng email san.francisco_san.jose@hsr.ca.gov

o tawagan 1-800-435-8670.



Plataporma papunta sa Timog sa Estasyon sa Millbrae

Ang estasyon sa Millbrae-SFO ay isa sa apat para sa Mabilis na Tren sa Hilagang California na magduduktong sa San Francisco Bay Area papunta sa Central Valley at Timog California. Ang estasyon sa Millbrae-SFO ay sentro ng mga sasakyang nagsisilbi sa San Mateo County na may diretsong koneksyon sa BART papuntang San Francisco International Airport (SFO).

Ang pagdurugtong ng serbisyo ng Mabilis na Tren sa estasyon sa Millbrae-SFO sa Caltrain at BART ay magpapalago ng pagkakataong magbyahe sa syudad at mga kalapit bayan sa rehiyon ang mga mamamayan at negosyo sa Millbrae, San Mateo County, Bay Area, at sa ibang lugar sa California. Ang estasyon ay makakatulong sa plano ng California na mapanatili ang panunustos sasariling pangangailangan at mabawasan ang buga ng usok na greenhouse gas.

Ang dokumento ay sumasagot sa mga Madalas na Tanong (FAQ) tungkol sa bahagi ng proyekto mula San Francisco hanggang San Jose at sa estasyon sa Millbrae-SFO

Ang Seksyon ng San Francisco hanggang sa San Jose Project

Anong ang Magkahalong Sistema?

Noong 2012, nagkaroon ng makasaysayang kasunduan sa pagitan ng Caltrain at mga kasosyo sa rehiyon para magkaroon ng magkahalong sistema mula San Francisco hanggang San Jose kung saan ang Caltrain at Mabilis na Tren ay gagamitin ang parehong kasalukuyang riles ng tren. Ang kasunduan at ang Magkahalong Sistema ay naging Batas ng Senado (SB) 1029 (2012) at SB 557 (2013). Kabilang sa kasunduan na gawing dekuriente and buong pasilyo mula sa pondo ng Autoridad. Ang konstruksyon ay nagsimula noong 2017. Dahil dito, maaring magamit ng Mabilis na Tren ang parehong riles at imprastruktura ng Caltrain at ang

kanilang talatalaan ng serbisyo ay pagsasamahin. Ang magkahalong serbisyo ay magpapatakbo sa kasalukuyang sakop na karapatan ng pagdaan ng Caltrain sa pagitan ng estasyon sa San Jose Diridon at sa 4th at King Streets sa San Francisco, na pansamantalang dulong estasyon hanggang ang Downtown Extension (DTX) ay makumpleto at maparating ang Mabilis na Tren sa Salesforce Transit Center.

Sa pamamagitan ng proseso sa pagsusuri ng epekto sa kapaligiran ng bahagi ng proyekto mula San Francisco hanggang San Jose, nalaman ng Autoridad na may mga kailangang imprastruktura para maidagdag ang operasyon ng Mabilis na Tren sa kasalukuyang pasilyo ng Caltrain at pinag-aaralan ang dalawang alternatibong pagpipiliang imprastruktura.



Mayroon pa bang dalawang alternatibo para sa Mabilis na Tren?

Oo. Dalawang alternatibo – Alternatibo A at Alternatibo B – kasama ang pagpipilian na walang itatayo, ay sinusuri sa Binagong Balangkas ng Ulat ng Pagsusuring Pangkapaligiran/Pahayag sa Epekto sa Kapaligiran na inilabas noong tag-init ng 2020. Ang mga alternatibo ay binuo, tinukoy ang mga tampok at pinino nitong nagdaang sampung taon sa malawakang pakikipag-usap sa mga ahensya sa local na komunidad, pagkikipagpulong sa mga maaapektuhan at may taya, at mga puna mula sa publiko.

Ang Alternatibo A ay tinukoy noong 2019 ng Kapulungan ng mga Direktor ng Autoridad bilang Piling Alternatibo. Kabilang dito ang Pasilidad sa Pagmintini (LMF) sa silangan ng pasilyo ng Caltrain sa Brisbane, walang dagdag na riles para sa lampasan, at pantay na daan palapit sa Diridon Station. Kabilang sa Alternatibo B ang LMF sa kanluran ng pasilyo ng Caltrain, dagdag na anim na milya ng riles sa pagitan ng San Mateo at Redwood City, at pwedeng maglagay ng viaduct papasok sa estasyon sa San Jose Diridon.

Ang mungkahing disenyo ng estasyon sa Millbrae-SFO sa Draft EIR/EIS ay iisa sa parehong alternatibo. Ang Planong Maliit na Estasyon (RSP) na kasama sa naikalat na dokumento, ay may bagong disenyo para sa estasyon at pwedeng gamitin ng alin man sa mga Alternatibo

Matagal na bang plano ang Mabilis na Tren sa Millbrae?

Oo. Ang plano ng estasyon sa Millbrae sapul ay para sa Mabilis na Tren. Ang kasalukuyang estasyon ay importanteng nagduruktong para sa mga mamamayan, bisita at empleyado ng San Mateo County para makagamit ng mga pampublikong sasakyan sa rehiyon at sa SFO. Sa estasyon ay may iba't ibang sasakyan na karugtong ng Caltrain, BART, mga bus ng San Mateo County Transit District (SamTrans), at mga pribadong bus.

Sa pagdaragdag ng Mabilis na Tren, ang estasyon sa Millbrae-SFO ay magiging isa sa pinakaimportanteng koneksyon ng mga tren sa rehiyon at sa buong California.



Ang Millbrae-SFO Station ay magiging isa sa apat na matulin na istasyon ng riles sa San Francisco Bay Area

Plano ng Estasyon sa Millbrae-SFO

Anong mga pagbabago ang kailangan para sa Magkahalong Sistema sa mungkahing disenyo ng estasyon sa Millbrae-SFO?

Kahit na ang Caltrain at Mabilis na Tren ay tatakbo sa parehong pasilyo, mayroon lamang na ilang lokasyon kung saan ang Mabilis na Tren ay pwedeng lumagpas sa Caltrain nang hindi kailangang maghintayan. Isa na dito ang plano sa Millbrae. Ang Caltrain ay titigil mas madalas at sa mas maraming estasyon kesa Mabilis na Tren.

Kabilang sa Magkahalong Sistema, may plano ang Autoridad na palakihin ang estasyon ng Millbrae-SFO mula sa kasalukuyang dalawang plataporma para sa paalis na tren at gawin itong may apat na riles na pwedeng magamit ng parehong Caltrain at Mabilis na Tren, na may dalawang plataporma para sa Caltrain, at isang gitnang plataporma para sa Mabilis na Tren. Mas maliit ang okupadong lugar ng disenyong ito para sa dalawang sistema ng tren.

Para sa mungkahing disenyo ng estasyon sa Millbrae-SFO, ang imprastruktura ng Mabilis na Tren ay itatayo sa kasalukuyang estasyon ng BART/Caltrain, kabilang ang bagong bulwagan sa pasukan na may serbisyo para sa tiket at iba pang suporta.



Anong mga mungkahing pagbabago sa lugar sa paligid ng estasyon ng Millbrae-SFO ang kasama sa Draft EIR/EIS?

- A** Dalawang bagong riles at isang bagong plataporma para sa Mabilis na Tren
- B** Pagbabago sa tawiran ng mga naglalakad para lumipat ng sakayan sa Mabilis na Tren galing Caltrain at BART, o pabalik.
- C** Pagpapahaba ng California Drive hanggang Victoria Avenue para makarating sa estasyon
- D** Kapalit ng paradahan na mawawala sa Caltrain at Bart
- E** Bagong senyas sa trapiko at tawiran ng mga naglalakad sa Chadbourne Avenue at El Camino Real
- F** Bagong daanan ng bisikleta sa kanlurang pasukan ng estasyon

As the Authority advances toward final design of the station, the future station design team will work with the City of Millbrae, transit partners, and local stakeholders on the final configuration of the station modifications, as well as any plans for development around the station in consideration/development at that time.

Ano ang Millbrae-SFO Station Reduced Site Plan Design Variant?

Ang Disenyo ng Mas Maliit na Estasyon ay inilarawan sa pinakalat na dokumento at nagbibigay ng mga pamimilian para sa disenyo ng estasyon sa Millbrae-SFO, na sinuri sa Draft EIR/EIS. Habang ang RSP Design Variant ay gagamitin ang parehong disenyo ng riles at plataporma ng Disenyo ng Estasyon Millbrae-SFO, ang RSP Design Variant ay binago ang mga pasilidad, paradahan at pasukan, at binabawasan ang epekto sa mga kalapit na gusali.

Ang mga pagkakaiba ng RSP Design Variant sa orihinal na disenyo ng estasyon sa Millbrae-SFO ay:

- G** Inakala na ang pagpapahaba ng California Drive sa hilaga ng Linden Avenue hanggang Victoria Avenue ay makukumpleto ng iba.
- H** Hindi pinalitan ang paradahan ng Caltrain at BART na mawawala sa estasyon at paligid nito at pagtatangal ng bagong paradahan sa kanluran ng riles
- I** Pagbawas ng mga pagbabago sa El Camino Real
- J** Paglilipat ng bulwagang pasukan

Ang RSP Design Variant ay maaring gamitin pareho sa alin mang pagpipilian (Alternatibo A o Alternatibo B)





Bakit ginawa ng Autoridad ang Millbrae-SFO Station RSP Design Variant?

Ginawa ng Autoridad ang Millbrae-SFO Station RSP Design Variant bilang tugon sa mga punang natanggap sa Draft EIR/EIS na may kinalaman sa epekto ng mungkahing disenyo ng plano/aprubadong gusali. Ang pinakalat na dokumento ay nagsasaad ng mga benepisyo at kapalit at pagkakaiba ng mga maaring epekto ng disenyo ng estasyon na nasa Draft EIR/EIS at ng mas maliit na tapak ng RSP Design Variant.

Kailan pagtitibayin ng Autoridad ang mga pinagpipiliang disenyo ng Millbrae-SFO Station?

Ang disenyo ng estasyon ng Millbrae-SFO Station Design sa Draft EIR/EIS ay tinukoy na parte ng Piniling Alternatibo noong 2019. Sa pagsasama RSP Design Variant sa EIR/EIS, ang Lupon ng mga Direktor ng Autoridad ay maaring piliin ang alin mang alternatibo kapag sila ay nagdesisyon na pahintulutan (o huwag pahintulutan) ang proyekto. Ang pagpili ng disenyo ng estasyon ng Lupon ay mangyayari kapag ang Final EIR/ EIS ay nalathala, at ang Record of Decision (ROD) ay naisaalang-alang sa 2022

May iba pa bang alternatibong pinag-aralan parasa estasyon?

Oo, ang Authority ay tiningnan ang mga naunang alternatibo para sa disenyo ng estasyon sa Millbrae-SFO Station. Noong 2010, ang Autoridad ay may planong magkaroon ng apat na riles na may nakatuong (hiwalay) na riles para gamitin ng Mabilis na Tren at Caltrain sa buong pasilyo mula

San Francisco hanggang San Jose. Isang pagkakanayan na pinamilian ay may dalawang palapag na may riles ng Caltrain sa ilalim ng lupa, tatlong riles sa ibabaw, (pantay sa kalye), at mga pasilidad ng estasyon sa kanluran ng kasalukuyang estasyon. Sa pagkakaroon ng Magkahalong Sistema at pagpasa ng SB 1029 noong 2012, ang pamantayan ng Autoridad para sa disenyo ng proyekto ay malaki ang ipinagbagodesign (halimbawa,

hindi na kailangan ng apat na riles at magkaibang palapag sa bawat tawiran na hindi magkapareho ng taas). Nabawasan ang pagkakapantay-pantay at mga kailangan ng plataporma at ang dahilan para magkaroon ng riles sa ilalim ng lupa ay natanggal.

Noong ang pang-unang plano sa inhinyero ay sinimulan sa 2016, ang disenyo ng Autoridad ay base sa ganitong mga pamantayan. Ang estasyon na may dalawang palapag ay hindi na pinag-aralan dahil sa pagkakapantay-pantay, ang karapatan sa daraanan, at mga problema sa pagtatayo. Ang disenyo ay mangangailangang isara ang buong pasilyo ng Caltrain at gumamit ng bus para magduktong sa ruta ng ilang taon para magawa ang parte ng estasyon na nasa ilalim ng lupa.

Pinag-aralan din ng Autoridad ang paggamit ng lugar na kasalukuyang okupado ng isang riles ng BART para sa Mabilis na Tren, pero napag-alamang hindi ito possible dahil kailangan ng BART ang lahat ng tatlong linya ng riles sa estasyon para sa kanilang tren at operasyon ng pasilidad pangmintini. Dalawa sa riles ng BART ay para magserbisyo sa regular na pampasahero, at ang pangatlong riles ay karagdadang kapasidad, daanan, at pagpapaikot ng pangbuntot na riles na gamit sa pangmintini ng tren at maghapunang paglagak ng tren sa timog ng estasyon.

Ang konstruksyon ba ng plataporma ng Mabilis na Tren ay makakasagabal sa serbisyo ng Caltrain o BART?

Ang eksaktong pamamaraan kung paano itatayo ang estasyon sa Millbrae-SFO ay malalaman sa darating na yugto ng pasulong ng proyekto. Sa kasalukuyang yugto ng disenyo, maaring isaakala na maraming pamamaraan ang maaring gawin para magamit ng walang sagabal ang estasyo habang ginawa ang konstruksyon.



estasyon ng Caltrain sa plataporma pa-Hilaga



Paggawa ng Mga Koneksyon sa Millbrae-SFO

May plano ba ang Autoridad para sa bisikleta at/o daanan ng mga naglalakad papasok sa estasyon?

Oo. Sang-ayon sa Specific Plan ng Syudad ng Millbrae, ang Autoridad ay isasama ang mga sumusunod na bagay sa mungkahing plano para sa estasyon:

- Pampublikong lugar at pasukan ng estasyon galing sa El Camino Real
- Diretsong koneksyon ng taong naglalakad papuntang estasyon sa El Camino Real
- Diretsong koneksyon ng bisikleta papuntang estasyon gamit ang protektadong landas para sa bisikleta sa kahabaan ng California Drive

Paano magdurugtong ang Mabilis na Tren sa SFO?

Ang mga Pasahero ay makakakonekta sa SFO galling sa Mabilis na Tren sa pamamagitan ng BART airport connection. Ikakabit nito ang Mabilis na Tren sa 57.5 milyon taunang pasahero ng SFO, at 46,000 empleyado (Pinagkunan: SFO 2018-19 Annual Report, 2019 Economic Impact Report). Ang serbisyo ng Mabilis na Tren ay magiging mabisang koneksyon para sa mga pasahero ng eroplanong malalayo ang nilalakbay at maaring alternatibo din sa halip na sumakay ng eroplano sa byahe na di lalabas ng California.



Sa estasyon sa Millbrae-SFO Station at magiging maalwan ang paglipat sa pagitan ng BART, Caltrain, mga bus, at Mabilis na Tren

Paano lilipat ang pasahero sa pagitan ng Mabilis na Tren at alin man sa Bart o Caltrain? Gaano katagal para lumipat?

Ang estasyon sa Millbrae-SFO ay magkakaroon ng lugar para sa diretsong paglipat sa pagitan ng BART, Caltrain at Mabilis na Tren. Ang mga pasahero ay maaring lumipat sa pagitan ng mga sistema ng tren sa pamamagitan ng daanan sa estasyon sa ibabaw ng riles.

Habang hindi pa natatapos ng Autoridad ang tiyakang pag-aaral sa haba ng byahe, ang mainggat na tantya ng proyekto ay malamang na mga limang minute (sang-ayon sa bilis ng lakad at kung gaano kaabala ang estasyon) para lumipat sa gitna ng isang plataporma papunta sa kabila (karaniwang mga 1,000 pye. Dagdag dito ang tinatanyag mga apat na minutong byahe sa pagitan ng estasyon sa Millbrae-SFO at sa paliparan gamit ang kasalukuyang koneksyon sa BART, na magbibigay ng koneksyon sa mga pasahero ng eroplano sa SFO.

Bilang karagdagan, ang State Rail Plan (dot.ca.gov/programs/rail-and-mass-transportation/california-state-rail-plan) at California Integrated Travel Project (dot.ca.gov/cal-itp) ay hinahanap ang pinakamaikling byahe ng pag-alis at pagdating ng iba't-ibang tren at bus sa California. Mapapaikli nito ang tagal ng paglipat ng sasakyan at makikinabang ang ibang kumpanya ng pampublikong sasakyan.



Ang pagpapaunlad na nakatuon sa transit ay nasa ilalim ng konstruksyon, silangan ng Millbrae-SFO Station



Mga Pagkakataon sa Pag-unlad

Paano makikipag-ugnayan ang plano ng Autoridad sa estasyon ng Millbrae-SFO plano ng Syudad sa mga itatayong gusali sa magkabilang panig ng estasyon?

Ang paunang plano ng Autoridad ay may mga pagbabago sa estasyon sa Millbrae-SFO na kailangan para sa Magkahalong Sistema: dagdag na riles, plataporma, estasyon, at mga pasilidad para iba't-ibang pasukan.

Sa silangan ng estasyon, ang mga pagbabagong ito ay hindi sagabal sa kasalukuyang plano ng mga pagpapatayo ng gusali na kasalukuyang ginagawa doon.

Pero sa kanluran ng estasyon, ang mga pasilidad ng Mabilis na Tren sa parehong disenyo ng estasyon sa Millbrae-SFO at ang RSP Design Variant ay hindi magkatugma sa aprubadong pagtatayo ng estasyon ng Serra.

Paano Magkomento

Deadline upang Magsumite
ng Mga Komento:
Setyembre 8, 2021

Humihiling ang Awtoridad na limitahan ng mga tagasuri ang saklaw ng kanilang mga puna sa bagong impormasyon lamang sa loob ng Binago / Karagdagang Draft EIR / EIS.

- Email: san.francisco_san.jose@hsr.ca.gov; subject line "Revised/Supplemental Draft EIR/EIS Comment"
- Naipadala ang mail sa: Attn: San Francisco to San Jose Project Section: Revised/ Supplemental Draft EIR/EIS Comment, Northern California Regional Office, California High-Speed Rail Authority, 100 Paseo de San Antonio, Suite 300, San Jose CA 95113
- Web form: www.hsr.ca.gov
- Mga verbal na komento: Iwanan a naitala na mensahe sa (800) 435-8670


Ang mga sagot sa mga komento sa bagong impormasyon ay isasama sa Final EIR / EIS.

Pinipigilan ba ng Autoridad ang mga bagong itatayong gusali na may kinalaman sa transportasyon (transit-oriented development o TOD) sa paligid ng estasyon ng Millbrae-SFO?

Hindi, ang disenyo ng Autoridad, para sa Millbrae-SFO Station Design at Millbrae RSP Design Variant, ay inaasahan at hindi pinipigilan ang mga bagong itatayong gusali sa may kanluran ng estasyon.

Sa Millbrae-SFO Station Design makikita sa Draft EIR/EIS, ang mga pasilidad ng estasyon, pasukan, at paradahan para sa mga pasahero ay may planong apat na kanto ang haba ng kalyeng maaring lakarin na maaring gamitin para sa mga bagong gusali sa hinaharap sang-ayon sa Millbrae Station Area Specific Plan, kung ang planong ito ay maimumungkahi at maaaprubahan ng Syudad.

Ang Millbrae RSP Design Variant ay mapapaliit ang bakas ng tapak ng proyekto. Paliliitin nito, pero hindi maiaalis, ang hindi pagkakatugma sa kasalukuyang approbadong mga itatayong gusali. Pahihintulutan nito ang mga bagong gusali sa ibang lugar para maisulong ng walang iba pang salungat sa pangangailangan ng Karapatan sa Daraanan ng Autoridad.



Potensyal na pag-unlad na nakatuon sa transit